

“Pagpapalakad sa Tunnel at Konstruksiyon Gamit ang Makinarya, at Paghuhukay at Pagtambak ng Lupa”



Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Mga pag-iingat para sa pagmamaneho ng sasakyang uri ng makina sa konstruksiyon


(1) Pagsusuri sa site bago simulan ang trabaho

1. Kapag kailangang magtrabaho nang malapit sa mga kable ng kuryente, magsagawa ng mga hakbang para maprotektahan ang kable ng kuryente at magtalaga ng bantay bago ang trabaho. Dahang-dahang ilabas ang tubo ng makina ayon sa senyas ng gumagabay.

* Kapag natatrabaho sa bahagi ng lungsod kung saan ang mga tubo ng tubig, gas, atbp ay nakabaon, ang lokasyon ng mga tubo ay hinuhukay ng taong nag-iinspeksiyon sa harap ng superbisor ng site, kumpanya ng tubig, at kumpanya ng gas.



2. Sa kasong ang trabaho ay nasa gilid ng kalsada o pribadong bahay, ang direktor ng trapiko ay itinatalaga para matiyak ang kaligtasan ng mga ikatlong partido tulad ng mga dumaraan, at ang lugar ng trabaho ay malinaw na ipinapakita gamit ang mga may kulay na cone , atbp.




(2) Kaligtasan sa trabaho (Bahagi 1)

1. Ang paggamit ng mga barandilya at mga hakbang gamit ang dalawang kamay at paa para umakyat at bumaba sa makina tulad ng tatlong puntos ay tiyak na sinusupportahan. Kahit na nakumpirma ang kaligtasan sa mga paligid, hindi ka maaaring lumundag pagsakay o pababa ng makina.




2. Kung gumagana ang makina, huwag masyadong ituon lamang ang pansin sa operasyong ibinilin, pero pagtuunan din ng pansin ang kondisyon ng makina, ang mga nagtatrabaho sa malapit at mga dumadaang ikatlong partido.



(3) Kaligtasan sa trabaho (Bahagi 2)

3. Sa pagtatrabaho, huwag maglagay ng tao maliban sa upuan ng drayber sa makina.




4. Huwag bigla-biglaan ang pagmamaneho, tulad ng biglaang pagpapatakbo at pagpepreno.




(4) Mga hakbang pagkatapos ng trabaho

1. Pagkatapos niyan, linisan, magpagasolina at iparada nang maayos ang makina sa itinalagang lugar.




2. Pagkakumpleto ng trabaho, iparada ang makina sa itinalagang lugar, ibaba ang kagamitan sa trabaho sa lupa, at pagkatapos ay patayin ang makina. Kapag huminto na ang makina, ang lahat ng lever sa operasyon at kailangang nasa “neutral” at i-lock. Pagkatapos tanggalin sa saksakan ang makina, itabi ito nang maayos sa itinalagang lugar.




(5) Operasyon sa naaangkop na kondisyon ng site

1. Kapag nagtatrabaho sa mga lugar na may panganib na mahuhulog, tulad ng gilid o toktok ng slope, huwag masyadong lumapit sa gilid, at maingat na magtrabaho sa ilalim ng mga bilin ng gumagabay o bantay.




2. Sa malambot na lupa, huwag masyadong gumamit ng mga pangkontrol na lever (huwag ipihit). At saka, gumamit ng isang swamp bulldozer at iwasan ang pagpapatakbo sa parehong lugar hangga't maaari.




(6) Kaligtasan sa mga trabahong paghuhukay

1. Kapag naghuhukay, ang gilid ng kalsada ay maaaring gumuho depende sa lupa, kaya, ang direksiyon ng takbo ng crawler ay kailangang perpendikular sa linya ng ibabaw ng hukay, at mga patagilid na paghukay (ipinapakita sa larawan sa kanan) ay mapanganib kaugnay ng emergency na paglikas.



2. Suriin ang lupa, atbp., pagkatapos, maghukay sa loob ng pagitan nang may sapat na luwag sa taas at lalim, huwag masyadong maghukay nang sinlalim ng pagmimina sa loob ng lupa. (Tingnan ang mga larawan sa ibaba)




(7) Kaligtasan sa mga trabahong pagkakarga

1. Kapag nagkakarga ng mga nahukay na lupa at buhangin sa isang dump truck, ang excavator ay mahusay na makakakarga sa pamamagitan ng pagpapatayo nito sa taas ng cargo bed ng dump truck (2m hanggang 2.5m).




2. Kapag nagkakarga sa isang dump truck, dapat na ipihit ang arm mula sa likuran ng cabin ng drayber, at hindi sa itaas ng cabin ng drayber.



(8) Mga hydraulic excavator na may crane na function

1. Huwag magbitin ng karga sa pamamagitan ng pagkabit ng alambre sa bucket tooth ng hydraulic excavator. Kapag nagtatrabaho gamit ang hydraulic excavator, tanging ang makina na may function ng crane ang magagamit.



2. Huwag magtulak ng mga tambak gamit ang hydraulic excavator.

